

Ang mga Pagkakaiba sa pagitan ng Pederal, Pang-estado, at Lokal na mga Batas

Mayroong iba't-ibang mga uri ng mga batas. Ang mga pederal na batas ay naaangkop sa lahat sa Estados Unidos. Ang mga pang-estado at lokal na batas ay naaangkop sa mga taong nakatira o nagtatrabaho sa isang partikular na estado, republika, teritoryo, county, lungsod, munisipyo, bayan, nayon o baranggay.

Ano ang mga Pederal na batas?

Ang mga pederal na batas ay mga patakaran na naaangkop sa buong Estados Unidos. Ang mga batas na ito ay naaangkop sa bawat estado, tulad ng:

- Batas sa Imigrasyon
- Batas sa bangkarota
- Mga batas sa Social Security at Supplemental Security Income (SSI)
- Mga pederal na batas laban sa diskriminasyon at mga karapatang-sibil na nagpoprotekta laban sa diskriminasyon sa lahi, edad, kasarian at kapansanan
- Mga batas sa lisensya at karapatang maglathala
- Mga pederal na kriminal na batas tulad ng mga batas laban sa pandaraya sa buwis at ang pagpapalsipikado ng pera

Ano ang mga pang-estadong batas?

May 50 mga estado at ilang mga republika at teritoryo sa loob ng Estados Unidos. Ang bawat isa ay mayroong sariling sistema ng mga batas at mga hukuman na humahawak ng:

- Mga kriminal na kaso
- Mga kasong tungkol sa diborsiyo at pamilya
- Mga kaso sa kapakanan, pampublikong tulong o Medicaid

Tungkol sa Gabay na ito

Ang gabay na ito ay ginawa ng Legal Aid Society of Northeastern New York sa pakikipagtulungan sa New York LawHelp Consortium at Pro Bono Net, na may suporta mula sa programa ng Legal Services Corporation Technology Initiative Grant.

Upang basahin ang lahat ng mga gabay sa seryeng ito, bisitahin ang **LawHelpNC.org** o **LawHelp.org**.

LSC Legal Services Corporation

LEGAL AID NC

probono.net

- Mga testamento, mana, at lupain
- Mga kontrata ng negosyo
- Mga personal na pinsala tulad ng mula sa isang aksidente sa kotse o maling paggamot sa pasyente
- Kabayaran sa mga manggagawa para sa mga pinsala sa trabaho

Ano ang mga lokal na batas?

Mayroong iba't-ibang mga county, lungsod, munisipyo, bayan, nayon at baranggay sa bawat estado, republika o teritoryo. Ang ilan sa mga ito ay mayroong mga sariling sistema ng batas at hukuman na humahawak ng:

- Mga batas sa pag-upa
- Paghahati o pagtatalaga ng lugar (zoning)
- Lokal na kaligtasan

Para sa Karagdagang Impormasyon

Naghahanap ng karagdagang impormasyon sa paksang ito? Bisitahin ang LawHelpNC.org.

Pagtatatuwa ng Pananagutan

Ang gabay na ito ay inihanda para lamang sa mga layunin ng pangkalahatang impormasyon. Ang impormasyong nilalaman nito ay hindi isang legal na payo. Ang legal na payo ay depende sa mga partikular na kalagayan ng bawat sitwasyon. At saka, maaaring mag-iba ang batas sa bawat estado. Ang ilang impormasyon sa gabay na ito ay maaaring hindi wasto para sa inyong estado. Upang maghanap ng mga lokal na mapagkukunan, bisitahin ang LawHelpNC.org.